Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna



# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

MGA KATITIKAN NG IKA-LABING ISANG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG LUNES, IKA-1 NG HUNYO, 1992 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. ANTONIO B. DICTADO - Pang. Punong-bayan Namuno
2. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
3. Kgg. ERIC T. PUZON - Kagawad
4. Kgg. URIEL T. MANGAHIS - Kagawad
5. Kgg. ADELO T. PEREZ - Kagawad
6. Kgg. ANTONIO G. DUNGAO - Kagawad
7. Kgg. ALICIA C. LAZAGA - Kagawad, Kinatawan ng Sektor ng Industriya
8. Kgg. RAMON G. MARCELO - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-Barangay
9. Kgg. FRANCISCO C. PAMBUAN - Kagawad

Mga Di-Dumalo:

1. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
2. Kgg. REYNALDO C. ENTENA - Kagawad, Kinatawan ng Sektor ng Agrikultura

Ika-10:00 ng umaga ng ihudyat ni Pangalawang Punong-bayan Dictado ang pagsisimula ng pulong, matapos maipatanto ng Kalihim na mayroong sapat na bilang ng nagsidalong kagawad. Binasa ng Kalihim ang katitikan ng nakaraang pulong at ito ay pinagtibay sa mungkahi ni Kag. Puzon na pinangalawahan ni Kag. Marcelo.

Sa pagpapatuloy ng pulong ang mga sumusunod ay tinalakay, pinagpasiyahan at pinagtibay:

KAUTUSANG BAYAN BLG. XXXIV-'92

APPROVED (Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan
RESOLUTION No. 158-'97 ni Kag. Perez)
PROVINCIAL BOARD
September 16, 1997

ANG KAUTUSANG BAYAN na nagtitibay ng paglalaan ng halagang WALUMPU'T WALONG LIBO ISANG DAAN DALAWAMPU'T DALAWANG PISO (₱18,122.00) mula sa kabang bayan upang iukol sa:

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

ALICIA C. LAZAGA
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad

FRANCISCO C. PAMBUAN
Kagawad

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna



# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

a. Overtime Pay ng mga kawaning itinalaga may kinalaman sa Halalan-May 12, 1992 . . . . . . . ₱15,000.00

b. Gastusin para sa pagdaraos ng Lahatang Panunumpa sa Katungkulan ng mga bagong Halal na Pinunong Bayan. . . . . . 35,000.00

k. Para ibili ng bagong "Bundy Clock" ng Pamahalaang Bayan. . . . 25,000.00

d. Upang iukol sa RATA ng Bagong Talagang Inhinyero IV, na si G. Vic Tumambing simula sa buwan ng Abril . . . . . . . . . . . 12,122.00

₱88,122.00

IPINASIYA din na ang halagang inilaan ay kunin sa "Surplus ng 1991 Budget".

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

*******************

Sa puntong ito ay binasa ng kalihim ang kahilingan ni G. Marcelino Dictado na mapahintulutang makapagdaos ng mga Pintakasi para sa buwan ng Hunyo. Iminungkahi ni Kag. Puzon na ito ay pagtibayin na pinangalawahan naman ni Kag. Marcelo. Ang mungkahi ay tinutulan ni Kag. Lazaga na nagpaliwanag na nararapat na ipagpaliban muna ang pagpapahintulot sa pagdaraos ng napakalimit na pagpapasabong sa dahilang lubos na pakikinabangan ng mga tao ang kanilang salapi kung sa iba nilang panga-ngailangan magagamit. Binanggit din niya na panahon ngayon ng pagpasok ng mga bata na mas higit na kina-kailangang gastusan. Sinabi pa niya na marami tayong kababayan na nagugumon na sa pagsasabong na nagmimis-tula ng sugal sanhi ng limit ng pagdaraos nito. Ito ay sinambot ni Kag. Pambuan na nagpahayag na ang pagkagumon ay nasasa sariling katawan na ng bawa't tao.

Binanggit din ni Kag. Perez na ang lugal ng pinag-darausan ng sabong ay taliwas na sa tamang uri ng gamit

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

ALICIA C. LAZAGA
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad

FRANCISCO C. PAMBUAN
Kagawad